**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**PHILIPPINE ARTS 150: INTRODUKSIYON SA PAG-AARAL NG KAMANAHANG KULTURAL**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL 1

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Oryentasyon sa Kurso

- Pagtalakay sa Gabay sa Kurso
- Paglalantad ng mga ekspektasyon sa semestre

Introduksiyon

Ano ang naiisip mo sa salitang pamana? Ano-anong bagay ang minana mo sa iyong mga kapamilya? Pinapahalagahan mo ba ang isang bagay na minana? Puwede kayang hindi bagay o object ang minamana, kundi ugali o katangian ng isang tao?

Sa ganitong diskurso papasok ang pag-aaral natin ng kamanahang kultural. Bibigyang halaga ng kursong ito ang koneksiyon mo sa kamanahang kultural sa lebel na personal, bilang miyembro ng iyong komunidad, at sa kalaunan bilang bahagi ng mas malawak na kolektibo.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Linggo 1, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng mga salaysay ng pamana sa loob ng sariling pamilya;
2. Makapagsasalaysay ng sariling danas tungkol sa pamana.

May koneksyong personal ba ang kamanahang kultural sa iyo? Pag-isipan mo ang mga tanong na nakalista sa Introduksiyon.

| **Gabay sa Gawain** |
|---|
| 1. Kausapin ang iyong magulang o nakatatandang kapamilya sa bahay. Hingin ang kanilang opinyon tungkol sa sumusunod na mga tanong:<br>a. Ano ang naiisip mo sa salitang pamana?<br>b. Nakatanggap na ba sila ng pamana? Bakit o bakit hindi?<br>c. Ano ang minana nila? Ilarawan mo ito.<br>d. Ano ang kahalagahan nito para sa nagbigay sa kanila? |

e. Bilang tagatanggap, paano nila ito pinapahalagahan?

2. Maghandang talakayin sa klase ang resulta ng iyong sarbey.

Pangwakas

Sa pamamagitan ng gawain makikita mo ang pakahulugan ng pamana sa loob ng sarili mong pamilya. Maipapaliwanag sa iyo ang kahalagahan at pag-iingat sa mga bagay na ito. Gayundin, makikita mo na ang pamana ay naaapektuhan ng iba't ibang salik tulad ng estado sa buhay, migrasyon, sakuna, at iba pa. Ito ay mga bahagi na pumanday sa kung sino ka ngayon. Gayundin natalakay sa klase ang mga pamana na hinulma ng iba't ibang danas at perspektiba mula sa makapangyarihang sentro o sa laylayan ng ating lipunan.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)